Mula sa Kapahamakan Tungo sa Pagpapanumbalik

A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Techie Rodriguez, Elder-Founder

Oktubre 3, 2026

Kayang magbigay ng Diyos ng buhay, lakas ng loob, at layunin mula sa mga lugar na tila walang pag-asa. Sa pagpasok ng Diyos sa ating mga tigang na kalagayan – takot, panghihina ng loob, kawalan ng pag-asa, pakiramdam na napabayaan, at panunuyong espiritwal - Siya ang nagdulot ng muling pagsilang at pagpapanumbalik, at binabago ang mga taong matatakutin upang maging matatapang para sa Kanyang layunin. Sa sandaling huminga ang Diyos, ang mga bagay na patay ay muling nagkakaroon ng buhay.

1. **Ang kahalagahan ng Tuyong buto (Eze.37:1-14).**
   - **1.1.** Lumaki si Ezekiel sa Juda at gumugol ng 25 taon sa pakikinig sa propetang si Jeremias. **Ginawa ng Diyos si Ezekiel na isang mangangaral**. Tulad nito, ang isang matanda sa iglesia ay dapat matatag sa mga mapagkakatiwalaang turo ng tamang doktrina (Titus 1:9). Ang mga pinunong nagpapagal sa pagtuturo ay karapat-dapat sa dobleng karangalan. (1 Tim. 5:17).
   - **1.2.** Dinala si Ezekiel sa isang lambak na puno ng tuyong buto upang ipakita sa kanya ang susunod na mangyayari. **Ang pagsuway ng mga Israelita ang nagbukas ng pinto sa mabibigat na pagsubok**.
   - **1.3. Kapag ang mga tao ang tumalikod sa Diyos, kasunod nito ang pagkawasak.** Ang kasalanan ay naka-aapekto sa mga individual, at sa susunod na henerasyon. Kapag pinahihintulutan ng Diyos ang mga pagsubok, suriin natin ang ating mga sarili: tayo ba ay tapat?
   - ***1.4.*** Mabubuhay ba ang mga tuyong buto? Hindi alam ni Ezekiel. **Nagtiwala na lamang siya sa Diyos.**
   - **1.5. Nagsasalita ang Diyos sa mga patay na lugar.** "*Ibibigay ko ang aking Espiritu sa inyo upang kayo ay mabuhay."* Isang kamanghang-manghang bagay ang nangyari sa apat na yugto: magkasama-sama ang mga buto, nabuo ang anyo, at hiningahan sila ng Espiritu. Kailangan natin ang hininga mula sa Espiritu ng Diyos.
   - **1.6.** Kapag sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawaing pagpapanumbalik, kaya Niya tayong muling itayo maging sa kabila ng ating kasalanan. **Ang Diyos ay puno pa rin ng biyaya at habag kapag tayo ay nagsisisi.** Ang Banal na Espiritu lamang ang makagagabay, sa ating landas, at sa ating paglalakbay. Ang lahat ng Kanyng pangako ay matutupad kung tayo ay maniniwala at kikilos (Rom. 10:17; Mk 4:16; Matt. 9:29;).
2. **Gideon: ang pananampalataya ang nagpapasya sa mga tagumpay at sa mga pambihirang kinalabasan. (Judges 6 – 7).**
   - 2.1. Nagtago si Gideon at naggiik ng trigo sa loob ng pampisaan ng ubas dahil takot siya sa mga Midianita. Gayunpaman, nakita ng Diyos si Gideon ayon sa kanyang layunin; **tinawag siya ng Diyos, at binigyan ng bagong pagkakakilanlan.**
   - 2.2. **Sinasalubong tayo ng Diyos sa ating taguan sapagkat makikita pa rin tayo ng Diyos kahit sa kadiliman.** Ang pampisaan ng ubas ay maaaring sumisimbolo sa takot kung saan tayo nagtatago. Ginagamit ng Diyos ang mga mahihirap na pagkakataon upang pumili ng mga pinuno.
   - 2.3. **Ginawang kampeon si Gideon na may malinaw na pagkakakilanlan,** "*Ang Panginoon ay sumasaiyo, O champion*." Kaya naman. Makinig tayo at sumunod, at ituturo Niya ang daan.
   - 2.4. Hindi limitado ang Diyos sa bilang. Si Gideon ay iniwanan ng 300 kalalakihan lamang upang labanan ang mga Midianita. **Ibinigay ng Diyos ang Midian sa kanyang kamay sa pamamagitan ng tatlong kasangkapan:**
     - 2.4.1Trompeta: (panawagan sa katapangan)
     - 2.4.2 Bakanteng banga: (pagsuko)
     - 2.4.3Sulo: liwanag (pagpapaliwanag)

KONKLUSYON: Ang tila tiwangwang ay hindi nangangahulugang itinadhana nang manatiling tiwangwang. Huwag mong ideklarang patay na ang sitwasyon kung hindi pa tapos ang Diyos. Ang Diyos ay patuloy na naglilinis, nagbabago, at nagbibigay ng bagong puso. Ang kailangan lang natin ay availability, pananampalataya at buong pagsuko. Sapagkat kung saan nagtatapos ang ating kakayahan, doon nagsisimula ang Kanyang mapaghimalang kapangyarihan.

PAGNINILAY:

1. Aling bahagi ng iyong buhay ang nangangailangan ng hininga ng Diyos? (buhay panalangin, pamilya, relasyon, at alab ng puso)?
2. Nawalan ka ba ng sigla sa panalangin? Kausapin ang Diyos araw-araw upang ituro Niya ang iyong landas.
3. Ang puso mo ba ay nasa paglilingkod pa rin sa iyong ministry? Ikaw ba ay pisikal na naroon ngunit espiritwal na malayo sa Diyos?

SCRIBES Ministry
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #PagnunuyongEspiritwal, #Pagpapanumbalik, #Panibagong-buhay
https://lordsflock.org/teachings/digests/